Jan. 28, 1920.

Inang:- Sa awa po ng̃ Dios ay kami ay mabuti dine at malalakas ang katawan at hari na nga po at kayo ay gayon din dian.

Ang pagaaral po namin ay patuloy at ngayon po ay ako ay nakakaranas na ng̃ hirap ng pagaaral dine sa Universidad ng̃uni't pinaglalabanan ko po dahil sa ikabubuti ko po naman kung ako ay magsipag ng pagaaral. Ang kasama ko pong Filipino sa clase ay ang mg̃a ka grupo ko sa ~~ato~~ retrato kaya't kami po ang malimit magkasamasama ng pag-punta sa clase.

Dine po ay malamig pa din ng̃unit wala na pong pumapatac na snow, at kung magroon man ay paminsan minsan sa gabi. Malimit pong umulan dine ng̃unit ambon po lamang ang pinakamalakas, at hindi po katulad ng lakas ng ulan dian sa atin.

Ako po'y walang maraming maibabalita sa inyo ngayon, at pagsulat ko po ulî ay bago

ko kayo balitaang lahat.

~~Ito~~ na po lamang at naway kayong lahat ay matuto dian.

Ang inyong anac na nag-huhintay ng Vendicion sa tiong oras.

J. G. Brosa.

Comusta po naman si Ate Tia, at ang nanang? Malakas pa po baga naman sila?

Comusta na po lamang kina Isang, Tacio, Ke Sara, at kina Ke Chayong.

Ito din